**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OFFICE**

**PRESIDENTIAL NEWS DESK**

**REF: DIR. ROBERTZON F. RAMIREZ**

# SITUATION BRIEFING
# ON THE EFFECTS OF KANLAON VOLCANO ERUPTION IN NEGROS ISLAND
# PRESIDED OVER BY
# PRESIDENT FERDINAND R. MARCOS JR.

[Held in La Carlota City in Negros Occidental | 21 February 2025]

**DOST SECRETARY RENATO SOLIDUM JR.:** …So, mga 15 percent. So, ibig sabihin mayroon na sa taas pero 'yung bulk nasa five kilometers. At namamaga pa 'yung bulkan at mayroon pong nakita ang PHIVOLCS na tatlong scenario, ang tatlong scenario: dahang-dahang lalabas 'yung magma matagal, tutuloy sa paglabas ng lava; pangalawang scenario, hahantong sa – 'yung tinatawag niyong "culminating" kung ano ang mas malakas, pero mas delikado po 'yun sa buhay ng tao, kailangan nating magpa-evacuate ng at least 10; or maninigas 'yung magma but the threat will continue in the future.

**PRESIDENT FERDINAND R. MARCOS JR.:** Because the pressure is not relieved.

**SEC. SOLIDUM:** Yes, sir. Ipakita niyo 'yung ibang graph.

**OFFICIAL:** This is from our field data, ito 'yung – 'yung green is the mid-upper slope. And as you can see, increasing, umaangat siya. So, this means that it's inflating, namamaga.

And the other points as well, mid-February, umaakyat na rin. So, it took six months bago…

**PRESIDENT MARCOS:** For it to slowly build up and then it finally…

**OFFICIAL:** Yeah, lumabas siya and paglabas ng magma six months.

**SEC. SOLIDUM:** Six months flow.

**OFFICIAL:** Yes, may lumabas na lava.

[inaudible]

**OFFICIAL:** That's right after six months na tumigil.

**OFFICIAL:** That's the least dangerous.

**OFFICIAL:** Yeah, that's the least dangerous.

**SEC. SOLIDUM:** The other one is the magma will solidify, maninigas na lang siya. Hindi na siya lalabas.

**OFFICIAL:** Maninigas?

**PRESIDENT MARCOS:** Iyong bato.

**OFFICIAL:** And that takes how many months?

**PRESIDENT MARCOS:** What could bring that about? That it will just solidify?

**SEC. SOLIDUM:** There's not much pressure, nanigas na po siya.

**PRESIDENT MARCOS:** Yeah, but this is indicating…?

**SEC. SOLIDUM:** It's still inflating. So, that scenario wala pa sa ating pananaw.

**OFFICIAL:** So, kapag nagpa-plateau na siya, sir, this one, it means tumigil na.

**PRESIDENT MARCOS:** So, ang projection ninyo this is already February. Patuloy pa rin?

**OFFICIAL:** Yes, patuloy pa rin. So, that's the most important basis for maintaining alert level 3.

**PRESIDENT MARCOS:** What is this? What's the Y?

**OFFICIAL:** These are the microradians, that's the angle.

**SEC. SOLIDUM:** Iyong amplitude of the…

**OFFICIAL:** Kasi tilt siya, sir. So, kung malaki 'yung angle niya so it means na mas malaki 'yung pressure.

**PRESIDENT MARCOS:** Namamaga.

**SEC. SOLIDUM:** So, tatlo. Sa ngayon, first two. Puwedeng dahan-dahan or puwedeng tumuloy based on the data.

**LA CARLOTA CITY MAYOR REX JALANDO-ON:** Sir, initially you said 20 kilometers previously 'yung magma…

**SEC. SOLIDUM:** Noong una.

**MAYOR JALANDO-ON:** Ngayon nasa five. Paano… In the span of how many?

**SEC. SOLIDUM:** Several years 'yan. Pero po 'yung nasa [unclear] mayroon ng stringer na umabot sa taas.

**OFFICIAL:** Kaya tayo mayroon tayong phreatic eruption and 'yung pagbubuga ng abo.

**SEC. SOLIDUM:** Pero mayroon ng parang kumbaga ito mayroong sanga-sanga na umabot sa ibabaw.

**OFFICIAL:** Dike ang tawag namin diyan.

[inaudible]

**SEC. SOLIDUM:** Years po 'yan.

**PRESIDENT MARCOS:** Iba-iba na kasi 'yung bato doon sa ilalim, may nalulusutan, mayroong solid eh.

**SEC. SOLIDUM:** Para pong Taal Volcano. Ang Taal Volcano sumabog noong 2020, 1990 pa siya dahang-dahang umaakyat. Unlike Pinatubo na in less than a year akyat na siya. So, iba-iba po ang rate ng activity.

So, iyon nga po, Mr. President, 'yung long-term planning.

**OFFICIAL:** Relocation.

**PRESIDENT MARCOS:** So, it may release the magma slowly, it may solidify, or it may have an explosive release.

**OFFICIAL:** If it's explosive eruption, it will only take probably a few weeks. But then it's dangerous kasi mayroon tayong…

**SEC. SOLIDUM:** Mas malayo ang aabot.

**MAYOR JALANDO-ON:** Pero one time lang 'yun tapos tapos na?

**SEC. SOLIDUM:** Hindi naman po one time, mga series of…

**MAYOR JALANDO-ON:** Uh, series of eruption.

**OFFICIAL:** But not as long as six months like what happened in…

**MAYOR JALANDO-ON**: Not as long as six months ang…

**SEC. SOLIDUM:** Parang ano ba naubos na 'yung galit mo.

[inaudible]

**SEC. SOLIDUM:** Yes, with ash and rocks. That's more dangerous.

**MAYOR JALANDO-ON:** 'Pag nag-solidify 'yun ang delikado?

**SEC. SOLIDUM:** Hindi po, that's what we want.

**NEGROS OCCIDENTAL VICE GOVERNOR JEFFREY FERRER:** 'Pag nag-solidify maliit 'yung exhaust niya, wala ng…

**PRESIDENT MARCOS:** Pero hindi pa may danger pa rin. Hindi ma-release 'yung pressure.

**SEC. SOLIDUM:** Parang pinostpone (postpone) mo lang.

**OFFICIAL:** For several years.

**SEC. SOLIDUM:** Kaya nga po continuous ang monitoring.

**NEGROS OCCIDENTAL GOVERNOR BONG LACSON:** What happens if you notice that it has solidified?

**SEC. SOLIDUM:** Iyong inflation po magfa-flatten.

**GOV. LACSON:** So, alert level goes down?

**SEC. SOLIDUM:** Bababa po.

**OFFICIAL:** We will lower to alert level 2 but right now again 'yung [inaudible] data showing continues pa rin 'yung inflation.

**PRESIDENT MARCOS:** Oo, tuloy-tuloy oh.

**SEC. SOLIDUM:** So, 'yung data would indicate first two options: slow or explosive, not the maninigas.

**VICE GOV. FERRER:** Five days ago nagbuga din siya ng…

**SEC. SOLIDUM**: Yes sir, kasi nag-re-release siya ng pressure.

**VICE GOV. FERRER:** Part of San Pablo City, 'yung isang barangay doon.

**PRESIDENT MARCOS:** Tinamaan 'yung --- nabagsakan ng abo?

**OFFICIAL:** Anim na barangay covered by ash fall.

**SEC. SOLIDUM**: So, 'pag umulan 'yung mga lugar na nalagyan ng abo, bantay sa lahar. 'Yun 'yung other danger.

**OFFICIAL:** Mr. President, whether today or in the future, there's still a danger?

**SEC. SOLIDUM**: Yes.

**OFFICIAL:** Baka dapat permanent na 'yung ano…

**SEC. SOLIDUM**: Yes, long-term plans.

**PRESIDENT MARCOS:** It's an active volcano.

[inaudible]

**SEC. SOLIDUM**: Basta ang permanent danger zone, four, wala talagang dapat bahay doon. Then, the others can be adjusted to the point that there will be evacuation from time to time, if you want that.

Kasi – or you move the houses away, use the other areas for agriculture only. But very difficult, dapat sa mga tao din po 'yun.

**CANLAON CITY MAYOR JOSE CARDENAS:** If I may, I am Mayor Cardenas of Canlaon City. My city, the farthest barangay that I have from the crater is 13 kilometers away from the crater. And on alert level 3, expanded now, within the six kilometers it is not allowed to stay.

So, I have as of now, 8,000 individuals outside the – being allowed to go out outside the six kilometers. Then as of now, we prepared the short-term and long-term development plan because we do not want to disobey the mandate of the PHIVOLCS.

So, as of now, part of the short-term plan, it is – we let the evacuees in the evacuation center, but we all know that the law says they're only allowed to stay in the evacuation center for 15 days.

That is why we are asking clearance to the regional director of the DepEd to extend the ---

**PRESIDENT MARCOS:** To?

**MAYOR CARDENAS**: To extend the stay of the evacuees. They're only allowed for 15 days.

So, for now, Mr. President, I took an initiative with the governor, we bought an area five hectares beyond the 10-kilometer danger zone if worst-case scenario occurs. So, we are asking your good office that if ever na you can provide a permanent evacuation center for that purpose.

So, on my end, on the city, I already bought an area for five hectares ready for evacuation center -- permanent evacuation center intended for the 2,400 families.

So, that my plan is that their sons and daughters that will get married will not be allowed to erect houses on that area.

**PRESIDENT MARCOS:** Wala ng bago?

**MAYOR CARDENAS**: Wala ng bago.

**PRESIDENT MARCOS:** Oo.

**MAYOR CARDENAS**: So, they'll be relocated.

**PRESIDENT MARCOS:** Good idea.

**MAYOR CARDENAS**: So, we will just ask the national government to help us in providing the ---

**PRESIDENT MARCOS:** Rex, take note of this kasi DSWD… Take note that they need the evacuation center, tama nga naman.

**DSWD SECRETARY REX GATCHALIAN:** So, 'yung infrastruct--?

**PRESIDENT MARCOS:** Oo, in Kanlaon.

**SEC. GATCHALIAN:** Yes, sir.

**PRESIDENT MARCOS:** Yeah, so, we will – we'll see. Mayroon na pala silang site.

**SEC. GATCHALIAN:** Okay po, sir.

**PRESIDENT MARCOS:** Oo, nakapili na ng site. But in the very long term. What really --- how --- where… Wait, before that. How many people are in the danger area that live in --- kahit na wala sila ngayon?

**OFFICIAL:** Within four kilometers?

**PRESIDENT MARCOS:** That they live within four kilometers.

**OFFICIAL:** With ---

**PRESIDENT MARCOS:** How many --- how many --- ilan ang ano?

**MAYOR CARDENAS**: 'Yung sa amin, Mr. President, we have 8,000 individuals residing within the six kilometers and only 47 families residing within the four kilometers.

So, I already took an initiative to let that 47 families get out, be out on the four kilometers. But the 8,000 individuals within the six kilometers danger zone, that is our problem. They are residing on the evacuation center which is the DepEd, and their relatives are residing beyond the six kilometers.

So, 'yun 'yung problema namin because the area na under the [unclear] law dati, noong 1986, they are allowed within that area. But the problem is they make their houses on that area, supposedly they are just using it for agricultural purposes. Because we are – during the time of your father, Ferdinand Marcos Sr., the inhabitants of that area is allowed to till but not to reside on that area.

But the problem, as time goes by, they build their houses in that area. This is why we would like to ask DENR and PAMB to try to really impose the law within that area because we are six cities, seven I think in Mount Kanlaon National Park, there are six LGUs within that and we do not have authority in that area because it's the DENR and PAMB who are authorized for the implementation of the law on that area.

So, if I may, Mr. President, as of now, it's just a humble suggestion that if there are construction materials being delivered to that area, there's a need for certification coming from DENR or PAMB so that the continuing build of infrastructure in that area will be prevented. Hindi naman namin ma-ano 'yan…

**PRESIDENT MARCOS:** Hindi niyo kayang pagbawalan?

**MAYOR CARDENAS**: Oo, hindi namin kaya kasi we do not have authority and jurisdiction on that areas. It's the PAMB and DENR.

**PRESIDENT MARCOS:** Ilan 'yung ganoon? Ilan 'yung nasa loob pa? How many altogether?

**MAYOR JALANDO-ON:** Sa akin, Mr. President, wala na po.

**PRESIDENT MARCOS:** Wala na?

**MAYOR JALANDO-ON: Sa six sa akin mayroon pang kaunti, ito. Itong mga ito.**

**PRESIDENT MARCOS:** Ah, ito ‘yung mga nandito ngayon 300 plus families.

**LA CASTELLANA MAYOR ALME RHUMMYLA NICOR-MANGILIMUTAN:** I am from the municipality of La Castellana.

**PRESIDENT MARCOS:** La Castellana ang pinaka-ano ngayon.

**MAYOR NICOR-MANGILIMUTAN:** So, in the four kilometer danger zone, I have 36 families. But within the 4-6 kilometer danger zone, I have 2,300 families. But they have [unclear] families within the five barangays [unclear].

So, I have a proposal to Governor Lacson that we are planning to buy a property for the permanent relocation. And we have discussed already with [unclear] that for now I am the biggest numbers of individuals within the 4-6 kilometer danger zone. That’s why I am asking you for some financial assistance for the property to be bought by the local government unit.

**GOV. LACSON:** So, what’s the kilometers…?

**MAYOR NICOR-MANGILIMUTAN:** Four to six.

**GOV. LACSON:** No, no, no the property…

**PRESIDENT MARCOS:** ‘Yung area ‘yung tinitingnan… Uh, malayo na.

**MAYOR NICOR-MANGILIMUTAN:** Outside the… Actually, the proper of La Castellana, it is 16 kilometers away from the Kanlaon. [unclear]. So, we have two areas na pino-propose to be purchased by the local government unit. But then I am the only municipality na talagang [unclear] naapektuhan ng Mt. Kanlaon.

**PRESIDENT MARCOS:** Pati… Sila ang pinakamabigat ang ano ang tama eh.

**MAYOR NICOR-MANGILIMUTAN:** Ang pinakamalaki at saka municipality, maliit lang ang bayan ko. Kaya sabi ko kay Gov. sana [unclear].

**PRESIDENT MARCOS:** Gaano kalaki 'yung lupa na tinitingnan niyo?

**MAYOR NICOR-MANGILIMUTAN:** Mayroong nag-offer na 16 hectare, 'yung isa nine, 'yung isa 8.3. So, tatlong area 'yung nag-intention na [unclear].

**PRESIDENT MARCOS:** Pero hindi puwede -- kasi we cannot just—magtatayo lang ng bahay eh. Kailangan lahat nung ibang facilities, kailangan maglalagay tayo ng kalsada, maglala… Kaya kailangan isama natin doon sa estimate natin. Because iyon nga, you are going to have to put sewerage, you are going to put up electricity, iyong water supply, lahat iyan para kung ililipat mo na ganoon.

And then, you have to also think, ano ang trabaho nila? So, kailangan may lupa. Kung mga farmers, mayroon silang nagagamit. So, it's not just – hindi lang iyong pagpatayo ng bahay. Iyong na-experience namin sa Yolanda, nagpatayo sila ng bahay na kung saan-saan, ang layo sa trabaho, walang kumuha, walang gumamit. Tapos wala pang tubig, wala pang sewerage, wala pang kalsada.

**MAYOR NICOR-MANGILIMUTAN:** Pero may initial kaming proposal with 36 households lang muna [unclear]. Hindi na sila nakauwi, mga almost eight months na sila nandoon.

**PRESIDENT MARCOS:** Eight months, kawawa naman. Nakakaiyak nga, I don't blame you.

**MAYOR JALANDO-ON:** Mr. President, iyong problema namin lahat is iyong maintenance and operating expense ng evacuation centers kasi ma-deplete na iyong QRF namin.

**PRESIDENT MARCOS:** Oo, kailangan ituloy – we have to ano na rin 'yung QRF.

**MAYOR JALANDO-ON:** Nagamit na namin 'yung 70 percent at this early. I'm just asking – I wrote DILG if I can use developmental funds, 20 percent, in case ma-prolong ito. Wala na akong QRF, mayroon akong mitigating fund…

**PRESIDENT MARCOS:** Kukunin mo doon sa 20 percent mo?

**MAYOR JALANDO-ON:** Yeah, kung puwedeng magamit ko na iyon – iyong 20 percent.

**PRESIDENT MARCOS:** Mag-provide na lang tayo ng QRF.

**MAYOR JALANDO-ON:** I-sacrifice na lang muna iyong mga daan, ipakain dito, baka mag-prolong ito eh.

**PRESIDENT MARCOS:** Ang hirap niyan kung 20 percent. Ginagamit natin iyan eh. Oo. Gamit na gamit iyong 20 percent na social fund.

**MAYOR JALANDO-ON:** So, iyon nga kung puwede.

**PRESIDENT MARCOS:** It's the QRF, mas lalo silang mapipilayan kapag nagamit iyong 20 percent. Kasi iniisip ko na iyong recovery, 'di ba? Kailangan mo iyan para makapag-recovery, rehabilitation, reconstruction, ganoon.

**MAYOR JALANDO-ON:** Yeah, in phases.

**PRESIDENT MARCOS:** Ang problema talaga natin, wala tayong time table. Nakaabang lang tayo sa bulkan. Pero puwede natin—we can already get started doon sa mga long term. Iyon, 'yung mga plano ng mga mayor na kukuha ng lupa, tapos mag-rehabilitate.

Pero kailangan talaga iyan, parang ililipat mo iyong buong bayan. Hindi lang basta-basta kung saan mo ilalagay. Basta may lupa diyan, puwede na diyan. Hindi puwede. Maraming kailangan na consideration na dapat kasama sa planning.

Okay, anyway, at least, pero sa ngayon iyong kung sino iyong mga nandiyan, okay naman? Everything they need, they are getting now. That's all we can do – that's what we can do for now. We can start planning.

Kailangan na sigurong magbuo ng Task Force Kanlaon for the long-term recovery, tapos iyong mga relocation. And then ito, itong mga plano na bibili ng lupa, maglalagay ng… Lahat ng bagong bahay, doon na itatayo. Hindi na magtatayo doon sa—doon na sa ibang area.

But that will—pero even that, hindi natin masimulan ngayon. We cannot do that now.

**SEC. SOLIDUM:** Mr. President, if we can just use the term redevelopment plan, kasi for sure, we have to evacuate within the four at least sa ngayon.

**PRESIDENT MARCOS:** Within the four.

**SEC. SOLIDUM:** At least, and then next phase, four to six, kung gusto ninyo. Iyong six, puwede naman nating ano iyan, hindi naman parating malakas ang sabog ng Kanlaon. But at least there will be attraction for them to move.

**PRESIDENT MARCOS:** Kung gagawin na rin natin, gawin na natin iyong talagang safe na.

**SEC. SOLIDUM:** Yes po.

**MAYOR JALANDO-ON:** Sa ibang volcano, hanggang saan 'yung…?

**SEC. SOLIDUM:** Six po.

**MAYOR JALANDO-ON:** So, sa ngayon four is 10 tayo?

**SEC. SOLIDUM:** Hindi naman po, ang permanent danger zone is four. The reason why we extend it is the danger increases. As the volcano will explode, we just need to move people away. 'Pag tapos na iyong eruption, puwede silang bumalik.

**MAYOR JALANDO-ON:** So, mag-four, sa 10 kilometers na? Ngayon six.

**SEC. SOLIDUM:** Six -- four, six, plus four, 'pag nag-alert level four po.

**MAYOR NICOR-MANGILIMUTAN:** Sir, what will happen to those in the evacuation center for now? Kasi we're waiting for the eruption. So, we will feed them until such time…?

**MAYOR JALANDO-ON:** Ang operation ng pagkain sa kanila.

**MAYOR NICOR-MANGILIMUTAN:** Kasi, for example, na may mga namatay, mga medical ano nila. Like, for example, may emergency. Tapos iyong mga identification nila lalo sa mga school kasi school pa rin nakatira 'yung mga evacuees.

**SEC. SOLIDUM:** So, iyon pong population na ine-evacuate regularly in other volcanoes, you put up a permanent evacuation site.

**PRESIDENT MARCOS:** Yeah, I think that 'yung original na idea na evacuation center.

**MAYOR CARDENAS:** And if I may, Mr. President, as of now, the problem is that the right to be educated with children is being deprived.

Just like this one, so walang klase, we cannot do so. That is why, on my end, since my city has savings, I took the initiative with the governor to buy a lot, intended for the permanent evacuation center na muna. Because I cannot pull out all those families because they are also tilling the agricultural area on that volcano.

Could you imagine that, as of now, our losses for agriculture as we are the main producer of vegetables in the Visayas, it reaches up to 1.3 billion since June 6 up to the present? So, our mathematical computation from the losses that we have is 1.3 billion. So, I cannot move the…

**PRESIDENT MARCOS:** Agri 'yan?

**MAYOR CARDENAS:** Agriculture, because that's a vegetable area, Mr. President. So, I cannot just let them move away, but rather just provide them a permanent evacuation center because the volcano will still stay even for a lifetime.

So, iyong sa akin na lang na wala nang maga-additional na magpatayo ng bahay doon. Doon na sila sa permanent evacuation center maglagay ng bahay.

But since hindi naman natin alam kung hanggang kailan ito, so it would be much better if we have the funds to make our own evacuation center so that DepEd can continue also.

**PRESIDENT MARCOS:** Mayroon kang estimate doon sa gusto mong itayo?

**MAYOR CARDENAS:** Mayroon po.

**PRESIDENT MARCOS:** Magkano ang required na funding?

**MAYOR CARDENAS:** Based on the engineering department and approved by the OCD, I think for the 2,400 families and 8,000 individuals it reaches up to P400 to P500 million.

**PRESIDENT MARCOS:** Okay.

**DSWD SECRETARY REX GATCHALIAN:** So, what I'll do na lang is I'll take the Mayor to DPWH together with his plans para I'll explain to them what transpired here.

**PRESIDENT MARCOS:** Well, we first have to get -- that's why I think we need a task force specific to this. We still have to get the –

**OFFICIAL:** Plan, hazards.

**PRESIDENT MARCOS:** No, from the PHIVOLCS, kung sasabihin, ano ba talagang area ang puwede pa, ano iyong hindi na. And I'm sure you have historical data anyway –

**SEC. SOLIDUM:** We have hazards map po.

**PRESIDENT MARCOS: --** of the volcano.

**SEC. SOLIDUM:** We have hazard map po.

**PRESIDENT MARCOS:** Yeah, iyon. We'll follow the hazard map, and then, we will have to ask the locals, saan ninyo gustong ilagay iyong evacuation? Saan natin ililipat? Iyong mga nasa loob ng four kilometers, eventually kailangan talagang ilipat eh. Ang dami pala doon sa inyo, 22,000 families.

**OFFICIAL:** Within six po, sir.

**MAYOR NICOR-MANGILIMUTAN:** Within six, we have 33,000 individuals.

**PRESIDENT MARCOS:** Uh, individuals? Sa four kilometers?

**MAYOR NICOR-MANGILIMUTAN:** Four kilometers, 36 families.

**PRESIDENT MARCOS:** So, that is not too bad. So, sa ibang bayan ganoon din?

**MAYOR CARDENAS:** Iyong sa amin iyong problema, Mr. President, dahil if the alert level four will be heightened, my whole city will be evacuated aside from the two barangays that I have reached the 13 kilometers.

**PRESIDENT MARCOS:** Iyong nasa labas.

**MAYOR CARDENAS:** That is why doon ako maggagawa ng permanent evacuation center. Estimated 60,000 individuals will be evacuated if alert level 4 will be issued by PHIVOLCS.

**OFFICIAL:** Mr. President, 'pag nag from level 3 to level 4, there will be an additional more than 90,000 individuals.

**PRESIDENT MARCOS:** Will have to be moved away from the danger area.

**OFFICIAL:** ‘Pag naging level 4. By the way, Mr. President, for the short-term assistance, mayroon tayong pending, which we already signed from our QRF na 112 million worth of assistance sa mga iba-ibang cities.

So, approved na ho natin iyon, pending na lang po sa release sa DBM.  So, it will be…

**MAYOR JALANDO-ON:** Assistance? [unclear] for the maintenance.

**OFFICIAL:** Iyon po ‘yung maintenance.

**MAYOR JALANDO-ON:** Iyong pagkain lahat.

**OFFICIAL:** Ipinakita na namin kila Mayor ‘yun kahapon pa.

**MAYOR JALANDO-ON:** For the meantime.

**OFFICIAL:** For the meantime.

**PRESIDENT MARCOS:** All right, pero in the short term – long- term planning natin iyan. Sige wala pang gumawa nito eh. So, we have to be the ones to make the plan. But again, it will be guided by the science and…

**MAYOR CARDENAS:** Mr. President, our plan was reviewed by the OCD. Because before we bought the area, it was already checked, provided by the hazard map.

So, the area has passed within the danger that will be caused in case alert level 4 will be raised. That is why we decided to buy that particular area.

**PRESIDENT MARCOS:** So, what we have to do? We have to put an evacuation center that is outside the six kilometers in case mag-level 4?

**MAYOR CARDENAS:** Then, for the alert level 3, I took also the initiative on my own that I bought an area beyond the six kilometers so that the people residing within the six can just vacate in their respective barangay. Pero 'yung pinaghandaan talaga natin is 'yung alert level 4. At saka ngayon iyong ongoing problem…

**PRESIDENT MARCOS:** Kung mag-alert level four, we will have to move, you said 60?

**OFFICIAL:** May additional 90,000.

**PRESIDENT MARCOS:** Ninety thousand? Where will they go to?

**OFFICIAL:** May ina-identify iyong sa [overlapping]

**MAYOR JALANDO-ON:** May na-identify na kami na areas.

**OFFICIAL:** Pero kulang pa rin, but there are identified areas. Hindi naman lahat po iyon pupunta sa evacuation center. Some will go to their families or relatives.

**PRESIDENT MARCOS:** So, how many will be—in your estimate, how many will be in the evacuation center, doon sa 90,000?

**OFFICIAL:** [overlapping] ginagawa natin Mr. President.

**PRESIDENT MARCOS:** Iyon ang kailangan namin, mga information na ganyan.

**MAYOR CARDENAS:** Iyong data sa amin, Mr. President, if I may because I only made a plan intended for alert level four, which I call an exodus plan. In San Carlos, I will be vacating 100 families, then in Vallehermoso, [unclear], so on and so up to Manjuyod. We already have the plan that they will be staying in the respective multi-purpose covered court because we cannot assume that DepEd will allow us to use the...

**PRESIDENT MARCOS:** Forever and ever and ever.

**MAYOR CARDENAS:** Yes. So, our plan will reach up to Manjuyod and this is why, I took an initiative really to make this plan. It's because as I have said, even for a lifetime, the volcano will still be there. Then this plan will serve a dual purpose. If we do not have a calamity, we can let DepEd to use this, we can let DepEd to use this.

**OFFICIAL:** We are alert level four, Mr. President. We have some LGUs who will host us also in case, we are arranging it.

**MAYOR JALANDO-ON:** They will be adopting us.

**VICE GOV. FERRER:** But it's not forever.

**PRESIDENT MARCOS:** Ganoon din, oo.

**MAYOR JALANDO-ON:** Alert level two, after that, erupt eh, 'di ba? Wala namang alert level four nag-simmer down. Lahat ng alert level four um-erupt 'di ba?

**SEC. SOLIDUM:** Hindi naman po, not necessarily, mayroon ding...

**MAYOR JALANDO-ON:** Alert level four nag-simmer down?

**SEC. SOLIDUM:** Yeah.

**PRESIDENT MARCOS:** Kaya nga eh. Mahirap talaga. Siguro ang anuhin natin, what we have to do, itong mga ito—and we will have to talk to the governor and the mayors, how if a—parang SOP na, we will make a standard procedure. 'Pag nag-three, ito iyong gagawin natin; 'pag nag-four, ito iyong gagawin natin.

Ngayon, 'pag sinabi natin at 'pag nag-alert level we have to move this many people to here, saan natin ilalagay? Wala tayong paglalagyan, magtayo tayo ng evacuation center. Mag-identify na tayo ng lugar, that is what the task force is going to have to do, together with the mayors and the provincial government.

But, for now, we will just have to—ang hirap nitong sitwasyon.

**MAYOR JALANDO-ON:** It will help.

**PRESIDENT MARCOS:** Nakukuha sa dasal iyan.

**MAYOR NICOR-MANGILIMUTAN:** Actually, we have all the plans but the LGU don't have the finance…

**PRESIDENT MARCOS:** I understand, I understand. Oo, kaya nga, we have to consolidate everything para alam natin, para kapag nangyari sabihin natin natapos na ito, one year, two years, three years down the road, ito na naman na umusok na naman. They will -- the PHIVOLCS will tell us that it's a alert level two, o 'di okay, alam natin iyong gagawin.

Nag-three, o sige puwede pa rin, ‘pag nag-four, alam na natin iyong gagawin natin. Pero, naka-ready na iyong facilities and then in then in the long-term, ‘yun na nga, huwag na tayong pumayag na magtayo sa loob and then, DENR pala ang may ano.

**OFFICIAL:** The rationale of this, Mr. President, as of now.

**PRESIDENT MARCOS:** Bakit DENR?

**SEC. SOLIDUM:** National Integrated Protected Area po. Protected area po siya. By law sila.

**PRESIDENT MARCOS:** So, PAMB. It’s really PAMB.

**MAYOR CARDENAS:** In addition, Mr. President, as of now, it’s really the, shall I say the -- it’s not a smart pending to the part of every LGU and the national government. Because if you are using DepEd facilities, DSWD and other agencies are spending also for QRF.

So, malaki iyong ginagastos nila galing sa kanilang pondo. Unlike if we have the permanent evacuation center and it’s the city that will [unclear]. Because it will look like a subdivision of our own that being managed by the city. Unlike now, that the DSWD will bring plenty of their personnels helping us to manage it’s camp. The PHIVOLCS will--- also DOH is also there. So, it’s really.

**PRESIDENT MARCOS:** Who will have to be on this? Well, of course the local, the local governments will definitely be part of it. PHIVOLCS will have to be part of it, Public Works.

**MAYOR CARDENAS:** DHSUD they are into high rise. Wala pang tailored-fit na ano eh. Dapat tailored-fit. Kasi when we have a meeting on the volcanic eruption with the Governor. I asked them, so they do not have a program intended for a bungalow type. All they have is the three-storey type of the [unclear]. They don’t have a tailored-fit program regarding this.

Second, we all know that DHSUD does not have the money on this. They are only shouldering the interest of the Pag-ibig. It's the Pag-ibig that will actually fund and DHSUD is just the agency that will shoulder the 7% interest for the Pag-ibig.

So, I think, I don't know that for special fund or Mr. President, maglagay na lang tayo ng volcanic eruption fund nito. Because we have all volcano in the entire country. On top of the NDRRM, mayroon ding volcanic eruption fund.

**PRESIDENT MARCOS:** Pero, iyong paggastos na ganyan, no choice tayo eh. Wala tayong magagawa, hindi naman natin basta't pababayaan ang mga tao.

**SEC. SOLIDUM:** Mr. President, ang suggestion ko kasi marami na akong nakitang problemang ganyan, is to have a redevelopment plan taking into consideration the population on the risk. Iyong permanent evacuation, gagamitin lang iyan 'pag nagpapa-evacuate. But for those that need to be relocated, redevelopment talaga iyong goals natin.

**MAYOR CARDENAS:** That is why, Mr. President, we already have that plan. But the problem is we cannot finance the said plan.

**PRESIDENT MARCOS:** But it has to be province-wide because hindi puwede 'yung isang bayan lang ang gagawa ng plano eh. It has to be coordinated with the province, with the district, with everything and then para maano natin na, we are all under—pare-pareho iyong ating plano. Alam natin iyong gagawin, that's the main thing.

At saka iyong paglagay ng structures, lahat—kayo magsasabi sa amin saan iyong pinakamaganda.

**GOV. LACSON:** It also means that we have to revisit our comprehensive [unclear]

**OFFICIAL:** Yes.

**OFFICIAL:** And on the part of the [overlapping]

**PRESIDENT MARCOS:** Oo, nga ‘no, special case ito ‘no, I never saw, I never saw— a land use plan na kasama sa…

**OFFICIAL:** Mr. President, just probably, mayroon tayong mechanism kasi sa NDRRMC sa regional level, wherein represented Mr. President, all the LGUs, including iyong NEDA for the long-term recovery plan natin.

Probably, we can push [unclear] na gagawa similar to our Oplan Big One, na ganoon, all things considered and considering your directives to integrate everything including the redevelopment plan. Probably we can, we can use that mechanism available naman po iyan, Mr. President.

**PRESIDENT MARCOS:** Well, mukhang everyone, siyempre dumadaan kayo—dinadaan-daanan ninyo itong ganito. So, alam ko, all of you, what we have to do is to consolidate everything and make an overall plan.

What will we do here, what will we do—‘yung sa inyo, what will we do here, what will we do there, et cetera, et cetera. Pero kailangan buo, so that, when may problema ulit ay…Saka coordinated ang galaw ninyo. Hindi na kayo tatawag, puwede ba kami diyan, puwede ba kami dito, may lugar ba diyan. Alam na ninyo iyong pupuntahan ninyo.

**MAYOR CARDENAS:** As of now, we have—on my end I was able to initiate a Memorandum of Agreement between my partner LGUs in the Oriental. So, we have signed a Memorandum of Agreement that if in the event alert level four will be issued to their people, so, that family will go to that particular cities and municipalities. I’ve already done that on my part, of course, with the approval coming from OCD.

**PRESIDENT MARCOS:** We have to coordinate. 'Yung pala may PAMB pa, mayroong DENR pa.

**MAYOR CARDENAS:** At saka mayroon pang IP, Mr. President, because as of now they have their claim on the imminent domain of that area.

**OFFICIAL:** Nagtatahi-tahi na.

**PRESIDENT MARCOS:** Exactly, we have to coordinate all of those agencies pero ang pinakaimportante ang lead diyan local.

**OFFICIAL:** Yes, sir.

**PRESIDENT MARCOS:** Ang magle-lead diyan local. Baka OCD should be the one because civil defense ito eh. This is literally under civil defense. But mukhang everyone has taken initiative to make a plan already. It's a question of putting it together and funding it. Then tingnan natin, gawan natin ng schedule kung ano yung…

**MAYOR JALANDO-ON:** Actually, Mr. President, they continuously evaluate their plan, contingency evacuation. From time to time, they are here with us to consult with out contingency plans…

**PRESIDENT MARCOS:** High-risk kasi kayo…

**MAYOR JALANDO-ON:** Yes. 'Yung yung plan namin with OCD…

**PRESIDENT MARCOS:** Pero hindi tayo pwedeng ganito ulit lalo na every time na uusok 'yung ano ito na naman. Ganito na naman…

**VICE GOV. FERRER:** That is why maganda ‘yung sinasabi ni Presidente na we can create a task force.

**PRESIDENT MARCOS:** Yes, I think we’ll have to under OCD.

**OFFICIAL:** …that’s why especially sa PAMB.

**PRESIDENT MARCOS:** I think the plan will be able to bring it together. So, who will be there? PHIVOLCS, of course, will have to be there. All of the governor and the mayors, the local government side… Well, now they’re here. DENR and PAMB will have to…

**MAYOR CARDENAS:** They should be included [unclear] or otherwise if the mayor will be authorized in that area then, there’s no problem.

**PRESIDENT MARCOS:** Kaya nga. You have to get those plan now at least. This for the long term. For the short-term, ano pang kailangan gawin?

**OFFICIAL:** [unclear]

**PRESIDENT MARCOS:** Para sa?

**OFFICIAL:** Para sa mga pagkain…

**PRESIDENT MARCOS:** O, ‘yung QRF nga.

**MAYOR JALANDO-ON:** Everyday operation, maintenance ng evacuation center…

**PRESIDENT MARCOS:** Hindi na quick response. Buwan-buwan na ito, eh.

**MAYOR JALANDO-ON:**…at saka personal expenses nila.

**PRESIDENT MARCOS:** ‘Yung mga tao, no. Nagbibigay tayo pero I’m sure kulang ‘yan.

**MAYOR CARDENAS:** Mr. President, if I may. If pwede na ma-schedule natin sila on top of the food and non-food items that we are giving them. If pwede kahit mabigyan lang natin sila every month ng AICS ba o TUPAD. Kahit P3,000, P5,000 per family. That will go a long way.

Kahit ganoon na muna. ‘Yung educational cash assistance mayroon naman tayong assistance coming from CHED na amounting 10,000 every college student. Pero yung importante talaga, Mr. President, just to boost the morale of the evacuees may ma-receive lang sila kahit 5,000 a month na lang. But in return patrabahuin namin sila to clean the streets, I think. Para mayroon lang talaga silang magawa.

**SEC. GATCHALIAN:** So, we actually started the financial assistance. We just keep on continuing it.

**PRESIDENT MARCOS:** Oo, marami na tayong non-food at saka cash na mayroon na tayong binibigay.

**OFFICIAL:** [unclear] Hindi pare-pareho ‘yung income nila, eh.

**PRESIDENT MARCOS:** Of course.

**OFFICIAL:** [unclear]

**PRESIDENT MARCOS:** Hindi, ang ano natin we have to ano, eh. Ang calculation ilan, eh numero. Kahit na anong class yung munisipyo it doesn't matter, 'yung municipality. Kailangan kung ilan 'yung may kailangan.

**MAYOR CARDENAS:** As of now, Mr. President, crucial talaga nabu-burn-out na rin 'yung tao. Could you imagine, as you have said, even if you're staying at a 5-star hotel, you'll get bored. So, how much more staying at the…

**OFFICIAL:** [unclear]

**MAYOR CARDENAS:** Kaya nga sabi ko, binibiro ko si Gov. Lacson. Sabi ko, "Gov., kung pwede anuhin na natin ang COMELEC, nai-delist na muna natin sila."

**MAYOR NICOR-MANGILIMUTAN:** Kasi sa 1,000 na [unclear] parang matalo pa tayo.

**MAYOR CARDENAS:** Biro lang 'yun pero honestly we feel their sentiments.

**PRESIDENT MARCOS:** Isa pa 'yan. Alam mo that's another thing we have to think about.

**MAYOR CARDENAS:** Mayroon din kaming contingency plan even for the election.

**GOV. LACSON:** Nasabi ni mayor 'yan because we're already online parang they were being forced to stay inside. So, that will reflect on the [unclear].

**PRESIDENT MARCOS:** So, anyway doon sa ano – dahil nauubos na QRF, we will have a look at that and see what kung ano 'yung puwede tayong magpa-release tayo ng additional. 'Yun na lang. No choice tayo. This is the situation. Ito lang ang evacuation center natin.

Baka maihabol natin something temporary but wala, ang gusto ng tao umuwi and I don't blame them.

**MAYOR CARDENAS:** Last thing, Mr. President, 'yung continuity na lang ng MOOE namin for the food. Kasi ngayon walang-wala na kami, 'yung QRF namin ubos na.

**PRESIDENT MARCOS:** O, sige.

**MAYOR NICOR-MANGILIMUTAN: Iyong QRF ko, 5 million lang tatlong araw lang.**

**MAYOR CARDENAS:** On my end, Mr. President, we are spending as of now, 600,000 a day.

**PRESIDENT MARCOS:** A day?

**MAYOR CARDENAS:** Yes, because I am feeding more – almost 4,000 individuals [unclear] 50 pesos per head that is 600,000.

And last December, binigyan mo kami ng 30 million.

**MAYOR NICOR-MANGILIMUTAN:** Ikaw lang.

**MAYOR JALANDO-ON:** Ikaw lang, kami wala. Kay Governor, si Governor lang ang binigyan, kami wala.

**MAYOR CARDENAS:** Ako lang nag-iisa eh. Ako lang nag-iisa doon eh.

**PRESIDENT MARCOS:** Hala ka, nagkasumbungan.

Okay, all right. O sige, we'll work on the QRF, kung ano 'yung additional funding na magawa natin. Sana we'll start doing the longer-term planning. We will do – hanggang nandiyan pa 'to, hangga't hindi pa sila makauwi eh wala, we will just have to keep supporting everybody. No choice naman tayo.

**MAYOR NICOR-MANGILIMUTAN:** [inaudible]

**PRESIDENT MARCOS:** Oo nga, eh.

**MAYOR CARDENAS:** 'Pag  may pang-sustento tayo, Mr. President, maho-hold namin 'yan pero 'pag wala na, wala na.

**PRESIDENT MARCOS:** Hindi mo naman masisi ang tao. Anong gagawin natin?

**MAYOR JALANDO-ON:** Ako nga eh, 'yung kaya ko lang i-surrender 'yung daan—concreting ng daan at saka riprap—mapakain lang dito. Magamit 'yung 20 percent development. I'm thinking in the long run [unclear] ito eh, 30 percent ngayon [unclear] 70…

**PRESIDENT MARCOS:** Ano 'to immediate ito. Hindi mo puwedeng i-postpone 'yan. Hindi puwedeng walang kinakain.

**MAYOR JALANDO-ON:** [inaudible]

**PRESIDENT MARCOS:** All right, we'll get back to you pagbuo nitong ano. Let's meet on this. Let's decide who are the agencies that should be involved and then sit down with all of the relevant agencies and put together a plan.

**OFFICIAL:** Thank you very much po.

**--- END ---**